



# Kung ikaw ay apektado ng coronavirus (COVID-19)

## JobKeeper Payment

Ikaw ay maaaring makakuha ng JobKeeper Payment sa tulong ng iyong tagapag-empleyo. Tanungin sila kung sila ay nakarehistro para sa kabayaranang ito bago ka maghabol (claim) ng isang kabayaranang suporta sa kita mula sa amin. Kung mayroon sila at ikaw ay karapat-dapat, ang iyong tagapag-empleyo ang magbabayad nito sa iyo.

Kung ikaw ay tumatanggap ng kabayaranang suporta sa kita at ang iyong tagapag-empleyo ay nagsimulang magbayad sa iyo ng JobKeeper Payment, kailangan mong iulat ang kitang ito sa amin. Kung hindi ay baka mabayaran ka namin nang sobra at magkakaroon ka ng utang na kailanga mong bayaran sa amin.

## Kung kailangan mong mag-aplay para sa isang kabayaran ng Centrelink

Gumawa kami ng mga pagbabago kaya mas madali para sa iyo na mag-claim ng kabayaran. Pansamantala naming tinanggal ang panahon ng paghihintay (waiting period) para sa mga bagong dating na residente upang makapag-claim ng ilan sa aming mga kabayaran. Gamitin ang aming gabay sa kabayaran upang alamin kung aling kabayaran ang tama para sa iyo. Pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/covid19](https://servicesaustralia.gov.au/covid19)

Kung ikaw ay mayroon nang Centrelink Customer Reference Number (CRN), maaari kang mag-claim online. Hindi mo kailangang pumunta sa isang service center o tumawag sa amin. Pumunta sa [my.gov.au](https://my.gov.au) upang mag-claim para sa isang kabayaran ng Centrelink.

Kung wala kang CRN, pumunta sa [my.gov.au](https://my.gov.au) upang makakuha ng isa. Maaari mong ipaalam ang iyong identidad at makakuha ng isang CRN gamit ang iyong myGov account upang simulan ang iyong claim. Hindi mo kailangang bumisita sa isang service center.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/covid19](https://servicesaustralia.gov.au/covid19)

## Coronavirus Supplement

Ang Coronavirus Supplement ay \$250 bawat ikalawang linggo hanggang hanggang 31 Disyembre 2020. Mula 1 Enero 2021, ito ay magiging \$150 bawat ikalawang linggo.

Ikaw ay tatanggap ng suplemento hanggang 31 Marso 2021, hangga't ikaw at tumatanggap ng kahit man lang \$1 ng anumang mga kabayaranang ito:

- JobSeeker Payment
- Widow Allowance
- Partner Allowance
- Youth Allowance
- Austudy
- ABSTUDY Living Allowance
- Parenting Payment
- Farm Household Allowance
- Special Benefit.

Babayaran namin ito nang awtomatiko sa iyong account sa bangko bilang bahagi ng iyong karaniwang kabayaran.

## Economic Support Payments

Ang Economic Support Payment ay karagdagang kabayaran para sa mga taong tumatanggap ng ilang mga kabayaran o mga concession card mula sa amin. Nagbayad kami ng 2 Economic Support Payment na \$750 sa mga karapat-dapat na kostumer noong 2020.

Magbabayad kami ng 2 pang Economic Support Payment na \$250 sa mga tao na karapat-dapat sa Disyembre 2020 at Marso 2021.

Kung ikaw ay nag-claim ng Family Tax Benefit (FTB) bilang lump sum, makukuha mo ang kabayaran kasama ng iyong lump sum. Ikaw ay karapat-dapat kung tumatanggap ka ng sumusunod na mga kabayaran o concession card mula sa amin.

- Age Pension
- Carer Allowance
- Carer Payment
- Commonwealth Seniors Health Card
- Disability Support Pension
- Double Orphan Pension
- Family Tax Benefit
- Pensioner Concession Card

Awtomatiko ka naming babayaran, kaya't hindi mo na kailangang mag-aplay.

Hindi ka makakatanggap ng kabayaran kung tumatanggap ka ng Coronavirus Supplement.

## Mga kostumer ng Department of Veterans' Affairs

Ang Department of Veterans' Affairs (DVA) ay magbabayad sa iyo ng Economic Support Payment, kung ikaw ay tumatanggap ng karapat-dapat na benepisyong DVA. Maaari mong alamin ang higit pa sa [dva.gov.au](http://dva.gov.au)

## Special Benefit

Walang mga pagbabago sa mga patakaran sa paninirahan at pagiging karapat-dapat para sa Special Benefit, maliban sa waiting period ng bagong dating na residente (NARWP - newly arrived resident's waiting period). Ito ay tinanggal para sa mga claim na Special Benefit hanggang 31 Marso 2021.

Kung hindi ka makakuha ng anumang iba pang kabayang suporta sa kita mula sa amin, at ikaw ay may matinding kahirapan sa pananalapi, maaari kang makakuha ng Special Benefit.

Kailangan mong matugunan ang isa sa mga sumusunod upang maging karapat-dapat:

- ikaw ay hindi nanirahan sa Australya nang mahabang panahon upang maging kuwalipikado para sa Age Pension o Disability Support Pension
- ikaw ay may hawak ng marapat na pansamantalang visa (temporary visa)
- ikaw ay isang mamamayan ng Australya o permanenteng residente na wala pang 16 na taong gulang.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/specialbenefit](http://servicesaustralia.gov.au/specialbenefit)

## **Crisis Payment—Pambansang Emerhensyang Pangkalusugan**

Ikaw o ang taong iyong inaalagaan ay maaaring maging kuwalipikado sa Crisis Payment kung matugunan mo ang lahat ng mga sumusunod:

- alinman sa inyo ay naka-kuarentena o naghiwalay ng sarili dahil sa coronavirus
- natutugunan mo ang matinding kahirapan sa pananalapi
- natutugunan mo ang mga patakaran sa pagiging karapat-dapat para sa kabayaranang suporta sa kita
- ikaw ay nasa Australya nang mag-claim ng Crisis Payment.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [servicessaustralia.gov.au/crisispayment](https://servicessaustralia.gov.au/crisispayment)

## **Child Care Subsidy at Additional Child Care Subsidy**

Kung ang iyong anak ay hindi makadalo sa childcare, dapat kang makipag-usap sa iyong serbisyo sa childcare. Maaari kang makakuha ng Child Care Subsidy nang hanggang 42 na pagliban para sa bawat bata sa bawat taon para sa anumang dahilan. Ikaw ay dapat makipag-usap sa iyong serbisyo tungkol sa iyong mga pagpipilian kung ang iyong anak ay hindi makakapasok dahil sa COVID-19.

### **Pag-update ng iyong mga oras ng aktibidad**

Ang bilang ng mga oras ng Child Care Subsidy ng maaari mong makuha sa bawat ikalawang linggo ay depende sa mga oras ng aktibidad na ginagawa ninyo ng iyong partner. Kung nagbago ang mga oras ng iyong tinukoy na aktibidad, tiyaking na-update mo ito.

Kung gumagawa ng mas kaunting aktibidad ang iyong pamilya dahil sa COVID-19, maaari kang mag-aplay para sa mga karagdagang oras ng Child Care Subsidy. Kung ikaw ay karapat-dapat, maaari kang makakuha ng hanggang sa 100 oras sa bawat ikalawang linggo sa pagitan ng 13 Hulyo 2020 at 4 Abril 2021.

## **Mga may hawak ng pansamantalang visa subclass**

Walang mga pagbabago sa mga kabayaran na maaari mong ma-claim kung ikaw ay may hawak na temporary visa.

Ang mga subclass ng temporary visa na 060, 070, 309, 449, 785, 786, 790 at 820 ay maaaring karapat-dapat sa:

- Crisis Payment
- Dad and Partner Pay
- Double Orphan Pension
- Family Tax Benefit
- Low Income Health Care Card
- Parental Leave Pay
- Special Benefit
- Stillborn Baby Payment.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [servicessaustralia.gov.au/visaholders](https://servicessaustralia.gov.au/visaholders)

## Newly arrived resident's waiting period

Pansamantala naming inalis ang NARWP, at ang kwalipikadong panahon ng paninirahan para sa Parenting Payment, hanggang 31 Marso 2021. Ito ay nangangahulugan na kung ikaw ay dumating kamakailan sa Australya, hindi mo na kailangang maghintay upang mag-claim ng isa sa mga kabayaranang ito:

- Austudy
- Farm Household Allowance
- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/newresidentswaiting](https://servicesaustralia.gov.au/newresidentswaiting)

## Preclusion period ng panapanahong trabaho (seasonal work)

Ang pana-panahong trabaho (seasonal work) ay trabaho na makukuha lamang sa isang bahagi ng taon. Dahil sa coronavirus, inalis namin ang preclusion period sa seasonal work mula 31 Marso 2021 para sa:

- Austudy
- ABSTUDY
- Farm Household Allowance
- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/covid19](https://servicesaustralia.gov.au/covid19)

## Test sa kita ng partner

Kung ikaw ay tumatanggap ng JobSeeker Payment, pansamantala naming dinagdagan ang halaga na maaaring kitain ng iyong partner bago ihinto ang iyong kabayaran.

Mula 25 ng Setyembre 2020, ang iyong kabayaran ay mababawasan ng 27 sentimo, sa halip na 25 sentimo, para sa bawat dolyar na kikitain ng iyong partner na mahigit sa \$1165 sa bawat ikalawang linggo. Ang halagang ito ay maaaring magbago kung ikaw ay tumatanggap ng Pharmaceutical Allowance o Rent Assistance. Kung ang iyong kita ay mas mababa sa \$300 sa bawat ikalawang linggo, ang iyong partner ay maaaring kumita ng hanggang \$3086.11 bago lumiit ang iyong kabayaran sa zero.

Ang tumaas na test sa kita ng partner ay hindi ilalapat sa kabayaranang Status Resolution Support Services.

Para sa karagdagang impormasyon kung magkano ang maaari mong makuha at kung ano ang limit sa iyong kita at mga asset, pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/jsp](https://servicesaustralia.gov.au/jsp)

## Pag-ulat ng kita

Kapag inaprubahan namin ang iyong claim para sa suporta sa kita, kailangan mong sabihin sa amin ang kita ninyo ng iyong partner. Hindi namin maibibigay ang iyong unang kabayaran hangga't hindi mo ito nagagawa.

Kailangan mo ring iulat sa amin ang kita ninyo ng iyong partner sa bawat ikalawang linggo kahit na ito ay \$0.

Ito ay upang mabayaran ka namin ng tamang halaga.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/incomereporting](https://servicesaustralia.gov.au/incomereporting)

## Mga kahingian sa obligasyon sa isa't isa (mutual obligation requirements)

May mga bagay na dapat mong gawin para patuloy na makakuha ng kabayaran. Tinatawag namin itong mutual obligation o mga kahingian sa paglahok. Maaari kang magkaroon ng mga ito kung ikaw ay tumatanggap ng ganitong mga kabayaran:

- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance as a job seeker.

Pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/mutualobligation](https://servicesaustralia.gov.au/mutualobligation) o sa iyong myGov account para sa mga update.

## Iba pang mga serbisyo ng suporta na makakatulong sa iyo

### Payment and Service Finder

Gamitin ang Payment and Service Finder upang makahanap ng mga suportang serbisyo sa inyong lokal na lugar. Maaaring kabilang dito ang mga serbisyo sa pagpapayo at kalusugan ng isip.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/servicefinder](https://servicesaustralia.gov.au/servicefinder)

### Karahasan sa pamilya at sa tahanan

Kung ikaw ay apektado ng karahasan sa pamilya at sa tahanan, maaari kaming makatulong. Nagbibigay kami ng impormasyon, suporta at mga pagsangguni.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/domesticviolence](https://servicesaustralia.gov.au/domesticviolence)

### Mga serbisyong panlipunan

Tinutulungan ng ating mga mangagawang panlipunan (social workers) ang mga tao sa pamamagitan ng panandaliang pagpapayo, impormasyon at mga pagsangguni sa mga suportang serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/socialwork](https://servicesaustralia.gov.au/socialwork)

### Financial Information Service

Isang libreng serbisyo upang makatulong sa iyo sa usaping pananalapi.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa [servicesaustralia.gov.au/fis](https://servicesaustralia.gov.au/fis)

## Para sa karagdagang impormasyon

- Tawagan ang iyong regular na linya ng kabayaran at ipaalam sa amin kung kailangan mo ng interpreter. Aasikasuhin namin na magkaroon ka ng isang interpreter nang libre. Para sa listahan ng aming mga numero ng telepono, pumunta sa **[servicesaustralia.gov.au/phoneus](https://servicesaustralia.gov.au/phoneus)**
- Tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at mga serbisyo ng Centrelink.
- Tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa Medicare at mga kabayaran ng Child Support at mga serbisyo.
- Pumunta sa **[servicesaustralia.gov.au/covid19](https://servicesaustralia.gov.au/covid19)** para sa karagdagang impormasyon sa Ingles.
- Pumunta sa **[servicesaustralia.gov.au/yourlanguage](https://servicesaustralia.gov.au/yourlanguage)** kung saan maaari mong basahin, pakinggan o panoorin ang impormasyon sa iyong wika.

Maaari kang singilin ng iyong provider ng telepono ng fixed na halaga para sa mga tawag sa '13' na mga numero mula sa iyong telepono sa bahay. Ito ay mula saanman sa Australya at ang halaga ay maaaring mag-iba depende sa iyong provider ng telepono. Ang mga tawag sa '1800' na mga numero mula sa iyong telepono sa bahay ay libre. Maaaring orasan ng mga provider ng telepono ang iyong tawag at singilin ka ng mas mataas na halaga kung ikaw ay tumatawag mula sa pampubliko o mobile na telepono.

## Pagtatatwa

Ang impormasyong nakasaad sa lathalaing ito ay isang gabay lamang sa mga kabayaran at serbisyo, at wasto sa 26 Nobyembre 2020. Mangyaring tingnan ang aming website para sa pinakabagong impormasyon. Tungkulin mong magpasya kung nais mong mag-aplay para sa kabayaran batay sa iyong partikular na sitwasyon.



# If you are affected by coronavirus (COVID-19)

## JobKeeper Payment

You may be able to get JobKeeper Payment through your employer. Ask them if they have registered for this payment before you claim an income support payment from us. If they have and you are eligible, your employer will pay it to you.

If you are getting an income support payment and your employer starts paying you JobKeeper Payment, you must report that income to us. If you do not we will pay you too much and you will have a debt to pay back.

## If you need to apply for a Centrelink payment

We have made changes so it is easier for you to claim a payment. We have temporarily removed the waiting period for newly arrived residents to claim some of our payments. Use our payment guide to check which payment is right for you. Go to [servicessaustralia.gov.au/covid19](https://servicessaustralia.gov.au/covid19)

If you already have a Centrelink Customer Reference Number (CRN), you can claim online. You do not need to go to a service centre or call us. Go to [my.gov.au](https://my.gov.au) to make a claim for a Centrelink payment.

If you do not have a CRN, go to [my.gov.au](https://my.gov.au) to get one. You can establish your identity and get a CRN using your myGov account to start your claim. You do not need to visit a service centre.

For more information go to [servicessaustralia.gov.au/covid19](https://servicessaustralia.gov.au/covid19)

## Coronavirus Supplement

The **Coronavirus Supplement** is \$250 per fortnight until 31 December 2020. From 1 January 2021 it will be \$150 per fortnight.

You will get this supplement until 31 March 2021, as long as you get at least \$1 of any of these payments:

- JobSeeker Payment
- Widow Allowance
- Partner Allowance
- Youth Allowance
- Austudy
- ABSTUDY Living Allowance
- Parenting Payment
- Farm Household Allowance
- Special Benefit.

We will pay it automatically into your bank account as part of your usual payment.

## Economic Support Payments

The Economic Support Payment is an extra payment for people getting certain payments or concession cards from us. We paid 2 Economic Support Payments of \$750 to eligible customers in 2020.

We will pay 2 more Economic Support Payments of \$250 to those eligible in December 2020 and March 2021.

If you claim Family Tax Benefit (FTB) as a lump sum, you will get the payment with your lump sum. You are eligible if you get the following payments or concession cards from us:

- Age Pension
- Carer Allowance
- Carer Payment
- Commonwealth Seniors Health Card
- Disability Support Pension
- Double Orphan Pension
- Family Tax Benefit
- Pensioner Concession Card

We will pay you automatically, so you do not need to apply.

You will not get the payment if you get the Coronavirus Supplement.

### Department of Veterans' Affairs customers

The Department of Veterans' Affairs (DVA) will pay you the Economic Support Payment, if you get an eligible DVA benefit. You can learn more at [dva.gov.au](https://dva.gov.au)

### Special Benefit

There are no changes to the residence and eligibility rules for Special Benefit, apart from the newly arrived resident's waiting period (NARWP). It has been removed for Special Benefit claims until 31 March 2021.

If you cannot get any other income support payment from us, and you are in severe financial hardship you may get Special Benefit.

You will need to meet one of the following to be eligible:

- you have not lived in Australia long enough to qualify for Age Pension or Disability Support Pension
- you hold an eligible temporary visa
- you are an Australian citizen or permanent resident under 16 years of age.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/specialbenefit](https://servicesaustralia.gov.au/specialbenefit)

### Crisis Payment—National Health Emergency

You or the person you are caring for may qualify for Crisis Payment if you meet all of the following:

- either of you are in quarantine or self-isolation due to coronavirus
- you meet the severe financial hardship criteria
- you meet the eligibility rules for an income support payment
- you are in Australia when you claim Crisis Payment.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/crisispayment](https://servicesaustralia.gov.au/crisispayment)



## Child Care Subsidy and Additional Child Care Subsidy

If your child cannot attend childcare, you should talk to your childcare service. You can get Child Care Subsidy for up to 42 absences per child each year for any reason. You should talk with your service about your options if your child cannot attend because of COVID-19.

### Updating your activity hours

The number of hours of Child Care Subsidy you can get each fortnight depends on the hours of activity you and your partner do. If your hours of recognised activity have changed, make sure you update this.

If your family is doing less activity because of COVID-19, you can apply for extra Child Care Subsidy hours. If eligible, you may get up to 100 hours per fortnight between 13 July 2020 and 4 April 2021.

## Temporary visa subclass holders

There are no changes to payments you can claim if you hold a temporary visa.

Temporary visa subclasses 060, 070, 309, 449, 785, 786, 790 and 820 may be eligible for:

- Crisis Payment
- Dad and Partner Pay
- Double Orphan Pension
- Family Tax Benefit
- Low Income Health Care Card
- Parental Leave Pay
- Special Benefit
- Stillborn Baby Payment.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/visaholders](https://servicesaustralia.gov.au/visaholders)

## Newly arrived resident's waiting period

We have temporarily removed the NARWP, and the qualifying residence period for Parenting Payment, until 31 March 2021. This means if you have recently arrived in Australia you do not have to wait to claim one of these payments:

- Austudy
- Farm Household Allowance
- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/newresidentswaiting](https://servicesaustralia.gov.au/newresidentswaiting)

## Seasonal work preclusion period

Seasonal work is work that is only available for part of the year. Due to coronavirus we have removed the seasonal work preclusion period until 31 March 2021 for:

- Austudy
- ABSTUDY
- Farm Household Allowance
- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance.

For more information go to [servicessaustralia.gov.au/covid19](https://servicessaustralia.gov.au/covid19)

## Partner income test

If you get JobSeeker Payment, we have temporarily increased the amount your partner can earn before your payment will stop.

From 25 September 2020, your payment will reduce by 27 cents, instead of 25 cents, for every dollar your partner earns over \$1165 per fortnight. This amount may change if you get Pharmaceutical Allowance or Rent Assistance. If your income is less than \$300 per fortnight, your partner can earn up to \$3086.11 before your payment reduces to zero.

The increased partner income test does not apply to Status Resolution Support Services payment.

For more information about how much you can get and what your income and assets limits are go to [servicessaustralia.gov.au/jsp](https://servicessaustralia.gov.au/jsp)

## Income reporting

When we approve your claim for income support, you must tell us your and your partner's income. We cannot make your first payment until you do.

You must also report your and your partner's income to us each fortnight even it is \$0.

This is so we can pay you the right amount.

For more information go to [servicessaustralia.gov.au/incomereporting](https://servicessaustralia.gov.au/incomereporting)

## Mutual obligation requirements

There are things you must do to keep getting a payment. We call these mutual obligation or participation requirements. You may have them if you are getting one of these payments:

- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance as a job seeker.

Check [servicessaustralia.gov.au/mutualobligation](https://servicessaustralia.gov.au/mutualobligation) or your myGov account for updates.

## Other support services that can help you

### Payment and Service Finder

Use the Payment and Service Finder to find support services in your local area. This can include counselling and mental health services.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/servicefinder](https://servicesaustralia.gov.au/servicefinder)

### Family and domestic violence

If you are affected by family and domestic violence, we can help. We provide information, support and referrals.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/domesticviolence](https://servicesaustralia.gov.au/domesticviolence)

### Social work services

Our social workers help people with short-term counselling, information and referrals to support services.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/socialwork](https://servicesaustralia.gov.au/socialwork)

### Financial Information Service

A free service to help you with financial matters.

For more information go to [servicesaustralia.gov.au/fis](https://servicesaustralia.gov.au/fis)

## For more information

- Call your regular payment line and let us know if you need an interpreter. We will arrange one for free. For a list of our phone numbers, go to [servicesaustralia.gov.au/phoneus](https://servicesaustralia.gov.au/phoneus)
- Call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services.
- Call the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services.
- Go to [servicesaustralia.gov.au/covid19](https://servicesaustralia.gov.au/covid19) for more information in English.
- Go to [servicesaustralia.gov.au/yourlanguage](https://servicesaustralia.gov.au/yourlanguage) where you can read, listen to or watch information in your language.

Your phone provider may charge you a fixed rate for calls from your home phone to '13' numbers. This is from anywhere in Australia and the rate may vary depending on your phone provider. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Phone providers may time your call and charge a higher rate if you call from a public or mobile phone.

## Disclaimer

The information contained in this publication is a guide to payments and services only, and is correct as of 26 November 2020. Please check our website for the most current information. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment based on your particular circumstances.